Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-18 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 8TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 NOBYEMBRE 2013, IKA-1:30 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Gualberto V. Magno	
Konsehal Johnell C. Siñel	
Konsehal David D. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Elsie F. Galaran	
Konsehal Juanito A. Bacay,Jr.	
Konsehal Camilo G. Ferreira	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jennie Leigh Q. Sarmiento	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 042
Taong 2013

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG G. DOMINGO G. SEDIACO, DATING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si G. Domingo G. Sediaco ay nagsilbi sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro bilang isang Watchman simula noong Marso 16, 2001 hanggang sa bawian siya ng buhay noong Nobyembre 22, 2013;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniatang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap nyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kabiyak, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni G. DOMINGO G. SEDIACO ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong G. Domingo G. Sediaco lakip ang mataos na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.

Pinagtibay : 25 Nobyembre 2013

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

mapj/112613